

1

‘Crispin’ ang first name niya hindi dahil na-inspire ang kanyang nangamayapang mga magulang sa *Noli Me Tangere* ni Gat Jose Rizal. Kung mangyari man na ganoon, mas tutugma kung bininyagan siya bilang ‘Crisostomo’. Katulad kasi ng sawimpalad na pangunahing tauhan sa nobelang nabanggit, isa rin siyang Spanish mestizo.

Ngunit ‘Crispin’ ang ibininyag sa kanya sapagkat ‘Crispin’ ang pangalan ng lolo ng Lolo Frederigo niya. Pinangalanan itong gayon sapagkat ipinanganak ito sa araw ng kapistahan ni Sto. Crispin, patron ng mga magsasapatos: October 25. In any case, sa paperwork at tseke lang niya ginagamit ang buo niyang pangalan. For everything and to everyone else, kontento na siyang sumagot sa simple—and decidedly cooler—na ‘Cris’.

Besides, ‘Weng’ ang palayaw ng yumao niyang ina, hindi ‘Sisa’.

Not that may bearing ito sa kasalukuyang kinalalagyan ng binata, he thought. Nope. All *that* was the cat’s fault, oh yes. Kasalanan ng pusa kung bakit nandito siya ngayon, tinutukso si Kamatayan.

Dalangin lamang ni Cris na hindi ito mapikon—meaning si Kamatayan, hindi ang pusa. As for the damn cat, personally ay wala siyang pakialam kung trip nitong manatili sa tuktok ng lintek na puno ng caballero na kasalukuyang kinatitirikan nito hanggang sa magunaw ang daigdig, o hanggang mawala ang E-VAT—whichever came first. Ito ang kusang umakyat; puwes, bahala itong magkusang bumaba.

Ngunit subukan mong iparating ang sentimiyentong iyon sa iyong pinakamamahal na abuela, sa umagang naisipan (tinopak) nitong bumiyahe by car mula pa Batangas para sorpresang dalawin siya sa kanyang condo sa Quezon City.

To be sure, Doña Bienvenida Olivares-Valmar—or simply ‘Lola Bining’ sa personal na mga kakilala nito—looked every bit the stereotypical ‘frail old lady’ sa edad nitong setenta y dos años: payat, waring manipis at nangungulubot ang balat, kasing-puti ng niyebe ang maigsi at naka-fingerwaves na buhok. Ang bestidang suot-suot nito ay amoy-pulbos, tea roses at lavender, na paborito nitong pabango, nakabakya—*bakya*, mantakin mo!—*Givenchy* handbag, at burdadong sedang abaniko.

Iba nang usapan ang mga mata nito, however.

Bilugan, typical ‘Spanish eyes’, maiitim at ubod—as in *ubod*—nang talim kung makatitig. Mga mata iyon na kayang ibalik si Cris sa nakaraan, noong uhuging bansot na bata pa siya at tinitingala ang purong dugong-Kastilang abuela. Isang tingin lang, nakakalimutan na niya na ‘saktong twenty-seven years old na siya ngayong taon, lean but working on a set of six-pack abs at 5’10” and currently snot-free ang matangos na ilong. Isang irap lang at wala nang pero-pero pa. Basta *cállate* at sumunod ka na lang, Hijo.

And so here he was on this fine Saturday morning, nakalambitin sa isang magaspang na sanga ng higanteng firetree, in-e-emulate with no small effort sina Tarzan, Spiderman, even your friendly neighborhood Akyat-Bahay Man, risking life and limb for his grandmother’s pet cat.

“*¡Quédate ahí, Iñigo!*” alalang tagubilin ng naturang lola, safe and sound na nakatayo down below, apparently more concerned sa kalagayan ng alagang pusa kaysa sariling apo.

Not that dinamdam ito ni Cris, ang apong naturingan. Mahal at malapit ang loob niya sa abuela, but right now all he could think about was that he had other, far better things to do with his time.

Like spend it in bed kasama ang sexy mestiza na nakilala niya sa thanksgiving party ng *Prime Advertising* kagabi: si Gwen... Gretchen... Gail? Basta G-something-or-other. Nakapuslit na kaya ang dalaga? Sana naman ay wala itong naiwang damit o make-up na nakakalat sa apartment niya. They had had a pretty wild night, the two of them—and, until Lola Bining's sudden house call, had been well on their way to a pretty wild morning—something brief, one-time, no strings attached. Just the way he liked it.

Kung bakit ba naman kasi ngayong umaga pa pinili ng kanyang abuela na mag-surprise visit. One minute—roughly thirty minutes ago, in fact—Cris had been happily naked in bed, with an equally naked woman (Miss G-what's-her-name) beside him, na noong mga sandaling iyon ay may ginagawang wonderfully *wicked* na pamamaraan para siya ay... gisingin.

And then the doorbell had rung. Kasabay ng landline sa istante nito sa salas, at ang belated na abiso ng babaeng receptionist sa ibaba kung sino iyon na naghihintay sa labas ng kanyang unit.

Gayon na rin ang pasasalamat ni Cris at may visual display screen (high-tech peephole) ang security panel ng entrada ng condo niya; he had

almost answered the door in nothing but a pair of boxers. As it were, may ilang world records din marahil ang nabasag ng binata sa bilis ng pagkaripas niya pabalik sa kanyang kuwarto, madaliang abisuhan si G-kung-sino-man about the unexpected company, at bihisang ang sarili sa pamamaraang mas wasto para sa isang moderately successful bachelor na biglaang dinalaw ng abuela.

“La,” he greeted nang sa wakas ay pinagbuksan niya ito ng pinto. Ngumiti rin siya, ang kanyang disarmingly charming ‘who’s-your-favorite-apo?’ smile na kaya pa rin niyang i-pull-off sa ikinahaba ng nagdaang panahon. “Ah... *Napadalaw po kayo. Si ‘Lo, ku—*”

Gayunpaman, waring hindi gaanong tinablan nito si Lola Bining. Ni hindi rin siya nito hinintay na tapusin ang pambungad niyang salita bago magpamaywang at taasan siya ng kilay. “*Bakit, hindi na ba ako nararapat na kumustahin ka kun’ kailan ko gusto?*” matalim na ini-retort doon ng matanda, na hayag ang puntong Kastila sa kawalan ng ‘g’ sa mga ‘-ng’ nito. “*¿Por qué tardes mucho, Crispin? Ba’t an’ tagal mo?*”

Sukat makagat niya ang sariling dila. “*Kakagising ko lang po, eh.*”

“Bueno—”

Nagsimula nang humakbang papasok si Lola Bining sa puntong iyon, subalit agad-agad itong hinarangan ni Cris. Pinalawig nito ang ngiti. Inusisa kung nag-almusal na ang abuela, kung type nitong i-treat ng binata sa bagong bukas na *Pancake Heaven* sa kanto, all while trying to sound casual, conversational and certainly *not* like gusto lamang niyang ilayo ang lola sa vicinity para palihim na makaeskapo na si ‘G—’. Awa ng Diyos ay nagpa-distract naman ito sa kanya, and more or less ay hinayaan siyang imartsa sila pareho pababa ng *Corinthian Residential Tower*. Nadatnan niyang nakaabang si Kuya Manuel—na bagaman hindi kadugo ay panganay ng driver na matagal nang naninilbihan sa kanilang pamilya—at ang asul na *Ford Focus* nito sa parking lot.

At si Iñigo, ang kasumpa-sumpang alagang Siberian cat ni Lola Bining—long-tailed, diabolically blue-eyed, kasing-kulay ng usok ng maruming tambutso ang balahibo. One moment ay tulog umano ang pusa sa basket/crib nito sa loob ng sasakyan, the next ay may smoky-gray blur na kasing-bilis ng kidlat na lumagpas sa kanila, palayo, papalabas ng gusali. What soon followed was a merry little three-person cat chase na umabot hanggang sa palikod ng ikalawang building westward, sa five-story annex

ng Regalia Building just over the block. Sa may-kataasang sanga ng punong karatig ng gusali.

Na siyang magdadala po sa atin sa kasalukuyang kalagayan ni Crispin Valmar, professional photographer, party animal, performance artist, at kung ilan pang mga ‘P’ na kayo na lang ang mag-imagine kung ano. (Wink, wink.)

‘Pinahamak ng pasaway na pusa’—probably. ‘Pinupulikat ang pecs sa pag-akyat sa puno’. Puwede rin. Datapwat pagsapit ni Cris within grabbing distance ng sangang kinaroroonan ni Iñigo the cat, ito ang lupon ng ‘p’ na kinahinatnan ng binata: pinagkakalmot at pinuslitan ng pakawalang pusa.

Napamura siya; ‘P’ rin ang simula.

A good twenty-odd feet below him, shocked na kinastigo ni Lola Bining ang apo. “Crispin!”

Sa masakit, eh. “S-sorry, ‘La.” Inirapan niya ang papalayong anino ng pusa, na nakalundag na mula sa puno at sumampa sa isa sa makikitid na outer ledges ng kahanggang gusali. Malapit lang; puwedeng tawirin din ng isang tao kung gagawing pang-alalay ang ilang mga sangang halos dumiit na sa sementadong puting pader noon.

He narrowed his eyes. *All right, cat,* tahimik na

proklama ni Cris, *personalan na*.

As if telepathic ito, nag-merrow si Iñigo sa di-kalayuan. Barumbado ang arrive niyon sa kanyang tainga, as if feline incarnation ito ng *X-Men* na si Wolverine. *Whatever you say, bub*.

Sa ibaba, alalang iminungkahi ni Kuya Manuel na tumawag na lang ng bumbero o animal rescue unit para saklolohan ang imbiyernang pusa, ngunit sinuway ito ni Cris. “Kaya ko na ’to,” paniniguro niya.

Lumipat pa siya ng sanga, nag-half-turn, naghanap ng tamang buwelo. Maaabot na niya mula rito ang pader, maiaapak ang kaliwang paa sa ledge. Sa kabilang dulo, lagpas ng makailang bintana at isang ventilator, kampakanteng nagpatuloy sa pag-upo ang pusa, pinapanood ang progreso niya.

Good luck ’cause you’re gonna need it, waring nang-aalaskang nais ipahiwatig ng mga asul na mata nito.

Maghintay ka lang diyan, pusa ka, tugon naman ng napikong diwa ni Cris. *Maghintay ka lang*.

With that in mind, nagsimulang tawirin ng binata ang distansyang pumapagitan sa kanya at sa alagang pusa ni Lola Bining.

Kasalanan ng pusa kung bakit nandirito siya ngayon, nagpapalit ng damit.

‘Nandirito’ meaning ang maliit na toilet/washroom sa opisina/HQ/control center for future world domination ng *Bookworm Publishing*, ‘Damit’ meaning ang kanyang off-white short-sleeved blouse, kasuotang kabibili lang ni Ringo sa ukay-ukay noong nakaraang Linggo. Ngayon ay may pagkalaki-laking mantsa na ito ng kape sa harapan.

She had been in at 8:30 a.m. sharp, halos kasabay nina Nadine, Ate Louelle at Ate Marilen, bitbit ang take-out breakfast niya mula sa *McDonald’s* at ang kanyang tote bag, while somewhere sa interior iPod ng kanyang kamalayan ay tumutugtog ang ‘*Party in the USA*’ ni Miley Cyrus. Lubhang pinangilabutan from the very bottom of her solid rakista’s heart, binalak ng dalaga na itaboy ang nakaka-LSS na kanta sa kanyang psyche gamit ang makapanindig-balahibong vocals ng Aerosmith.

Binuksan niya ang office PC, in-access ang company website, nagsimulang i-check at i-sort ang kanilang e-mail habang kinukukot ang agahang sausage *McMuffin*, hashbrowns, at siyempre, apple pie. Ang plastic cup na naglalaman ng kanyang

kape ay tinanggalan niya ang lid at isinantabi muna upang palamigin nang kaunti. Pina-Ctrl+H, Ctrl+T, Ctrl+P ang kanyang media player playlist na pulos alternative rock, heavy metal, indie at feeling-indie na mp3s ang naka-line-up. Sa ganoong paraan, lumipas ang oras nang hindi niya namamalayan.

Isang tipikal na Sabado ng umaga para kay Ringo Almosal, twenty-seven years old, smart, petite, and mas cute pa kay Pikachu na assistant editor ng *Bookworm Publishing*, proud tagapaglathala ng *Eighteen Roses* romance pocketbooks. At kung sakaling na-curious kayo, yes, ‘Ringo’ nga talaga ang first name niya.

Eksaktong apat silang magkakapatid, second child and only girl si Ringo. ‘John Winston’ ang kuya niya. ‘James Paul’ naman si JP, iyong sumunod at ‘George’ iyong bunso. Ipinangalan siya ng kanyang mga magulang, na parehong die-hard fans ng *The Beatles*, in case you didn’t notice, kay Ringo Starr. Yup, kahit babae siya. Ang palusot naman ng kanyang ama, na talagang ipinilit ang pangalan over her mother’s suggestion na ‘Yoko Ono’ na lang ang ibinyag sa kanya, on the basis na ang salitang ‘ringo’ ay Japanese word para sa apple. Eh, nagkataong sa mansanas siya ipinaglihi. At popular na pangalan daw naman ang ‘Ringo’ para sa mga babae sa nabanggit

na bansa, ayon sa pinsan ng ninang nila sa kasal. It was perfect. It was fate.

Nasa kalagitnaan na siya ng ‘*Ordertaker*’ ng Parokya ni Edgar (at isa na namang pasaway na draft ng nobelang naka-line-up na kailangang tabasan ng sixteen pages) nang kumatok ang *LBC* na may dalang isang manuscript submission mula sa isang twenty-year-old na kolehiyalang taga-Bacolod. Doon na sila nasalisihan ni Bachuchay, ang calico-furred feline na isa sa maraming mga alagang hayop ni Mang Gener, ang may-edad na katiwala ng gusali.

Hay naku, Bachuchay, tahimik na himutok ng diwa ni Ringo patukoy sa salarin, ano bang evil cat spirit ang sumapi sa 'yo at tinabig mo 'yung dala kong kape?

Kinunotan niya ng noo ang sarili sa salamin. Gamit ang baong bimpo sa kanyang tote bag, pinunasan niya ang mantsa sa kanyang blouse.

Well, malay ba natin. Marahil inakala ng pusa na totoong daga iyo'ng mouse ng desktop PC. O di kaya ay binalak nitong sulutin iyong uneaten portion ng sausage *McMuffin* na naiwan sa table. Whichever the case, thank God na lang at may extra na t-shirt na naipahiram sa kanya si Ate Marilen para ipampalit. Thank God at Sabado na, moreover, at maaga-aga

siyang makakauwi. Thank God din at maligamgam na ang kape nang tumapon ito sa kanya. Amoy instant coffee man siya ngayon, at least, hindi nalapnos ang kanyang makinis na skin.

So thinking, hinubad na ng dalaga ang kanyang blouse. Dagling ibinabad niya iyon sa tubig-lababo saka kinusot, binanlaw, piniga. Inulit iyon ni Ringo hanggang halos outline na lang ng mantsa ang natira sa tela ng blusa.

Akmang isasabit na niya ito sa de-kawad na maliit na bintana sa tabi ng toilet bowl nang may marinig siyang kaluskos. Galing ang tunog sa labas, mula sa dako pakaliwa ng nakabukas na bintanang pagsasampayan niya. Isang malamyos na 'ingaw' ang sumunod doon.

Pusa lang pala, .na-relax na ani Ringo sa sarili. Or, to be more precise, pusa na naman.

Maaaring si Bachuchay iyon (na tumakas kanina sa scene of the crime na parang hagibis ng hangin), maaari ring hindi, ngunit kung ano pa man ay wala siyang interes na tiyakin iyon. She had enough of cats for today, thank you very much. Itinuloy na lamang niya ang kanyang orihinal na plano at isinabit ang basang blouse sa kawad para patuluin. Saka siya tumuwad upang sungkitin ang pamalit na t-shirt at

nang makapagbihis na. Lubhang maginaw maglagi sa banyo na bra lang ang suot na pang-itaas, ano. Natilamsikan din ng kape ang maong niya, pero hindi naman gaanong halata—

Isang kalabog. Malakas iyon kaysa nauna, nagmumula pa rin sa labas ngunit mas malapit, waring sa mismong kabilang gilid ng dingding. Isang impit na ungol ang kasunod noon, tunog na hindi mapagkakamalang galing sa isang pusa. *In fact...*

Alarmed sa hinalang namumuo sa diwa niya, muling nilingon ni Ringo ang bintana.

Just in time para makatagpuan ng tingin ang lalaking nakadungaw sa kanya mula roon.

Kumurap siya.

Kinurapan din siya nito.

Namilog ang kanyang mga mata.

Mas lalong namilog ang mga mata nito.

Bagay na kagyat na nagpaalala sa dalaga na halos topless siyang pinanonood nito.

“A-ah, eh... hi,” parang natulala at natarantang bati ng estranghero. “Look, er, Miss, this *really* isn’t what you’re thi—”

Pretend Fiancée - Monica Bautista

Ngunit hindi na hinintay pa ni Ringo ang paliwanag nito. Kagyat niyang tinakpan ang sariling dibdib. Ang tiling namutawi sa bibig niya ay umalingawngaw sa apat na sulok ng palikuran.

2

“—And so you see, Manon’,” mariing giit ni Gng. Bienvenida Valmar, madamdaming abuela raw ng lalaking tinilian ni Ringo kani-kanina lang, “*tú estás equivocado*. Isa laman’ malakin’ di-pagkakaunawaan an’ lahat. Hindi naman talaga naninilip an’ apo ko! Naparoon siya para sagipin si Iñigo.”

“Ah... huh. Okay.” Muling tumikhim si Manong Ed, ang head ng security ng Regalia Building. Ikinumpas nito ang malaki nitong kamay sa kulay-abong pusa na kasalukuyang bitbit at hinahaplos ng matanda. “At si Iñigo, ’yan po ang alaga ninyong pusa?”

“*Sí, exactamente.*” Dagling tumango si Señora Valmar, isang galaw na kasimbilis at kasing-talim ng Español nito.

Nasa courtyard sila sa pagitan ng Main at Annex ng Regalia Bulding Compound, inaantabayanan ang hatol ng paramedical team na ipinatawag ni Señora Valmar sa site. Iyon ay matapos mahulog ang nag-wa-wall-climbing na apo nito mula sa ikatlong palapag ng gusali. At matapos—pero aksidente lang iyon, tipong involuntary reaction sa ganoong tagpo—batuhin ni

Ringo ng tabo ang wangis ng binata.

Masuwerte pa rin ang kumag; Ringo would give him that. Imbis na derecho itong bumulusok sa lupa, pinagsasambot ng mga sanga ng puno ng caballero ang lalaki at sinusunan ang otherwise suicidal nitong pagbagsak. Nakatayo ito at nakapaglakad pa, bagaman pahingka-hingkay, nang makababa na si Ringo upang kumustahin ang kinahinatnan ng nakapanilip sa kanya.

At opo, naalala naman niyang magsuot ng pang-itaas bago lumabas ng banyo. Ang kanyang pahapyaw na abiso kina Nadine at Ate Marilen—*“May napatay ’ata akong manyak!”*—ay sapat na upang pansamantalang itigil ng dalawa ang pag-i-imbentaryo ng latest ‘for release’ nilang mga libro at samahan siya sa likod ng building. Tumawag ng paramediko si Madame Española habang tinulungan ng mamang nakapormang-driver ang nahulog nitong apo. Alalaon ay dumating din ang mga sikyu—led by Manong Ed—at ang katiwala ng gusali.

Katiwalang ngayon ay binalingan ni Manong Ed, sabay masahe sa sariling noo. *“Ano sa tingin mo, Gener?”*

Si Mang Gener ay dagling napaisip. Dahil mahigit-setenta años na ito at singkitin pa ang mga

mata, palaging mamantakin mong malalim ang hinahaka nito. Pawang nangamuti na ang buhok nito at hindi lalagpas sa 5'2" ni Ringo sa tangkad. Hindi nalalayo ang hitsura ng matanda kay Pen Medina, datapwat isang nakakalbo at mas bansot na version ng batikang aktor. "Maganda ang pusa," karaka ay imik nito na tumangu-tango pa. "Siberian siya, ano? Mahusay na breed. Mahusay."

Kumurap at lalo pang minasahe ni Manong Ed ang noo. Ngumiyaw si Iñigo at ikinampay ang buntot. Si Señora Valmar ay dagling umaliwalas ang mukha, dinaig pa ang Christmas lights sa kinang ng ngiting iginawad nito sa katiwala.

"Mahilig din kayo sa pusa, Manon'?" magiliw na tanong ng Española. "Regalo siya sa akin nan' isa ko pan' apo noon' nakaraan' taon, *a la hermana mayor*—nan' Ate Cassandra ni Crispin. *Una belleza tambien, esa niña—como yo misma, ipues sí!* Napakaganda." Humagikgik ito na ang rehistro sa kanya ay may sa mangkukulam. "*Mucho más guapa que esta la señorita aquí,*" dagdag pa nito, sabay may pangungutyang sinulyapan ang 'señorita' na tinukoy: si Ringo. Kung wala itong karga-kargang pusa, maiisip mong maglalabas si Señora Valmar ng abaniko at papaypayan ang sarili, *à la* the late Charito Solis' Reyna Encantada ng *Okay Ka, Fairy*

Ko. “*Es decir, tin’nan mo naman, Manon’. ¡Ella no es que hermosa! ¡Demasiado delgada también! ¡A ver! Bakit naman maiisipan nan’ apo ko na mamboso sa ganyan’ klase nan’ babae?*”

Aba’t may pagkamaldita rin pala ang matandang ’to, ah, tuyot na obserba ng diwa ng dalaga. Sapat na ang natatandaan ni Ringo na Spanish mula sa kolehiyo para magpanting ang magkabilang tainga sa pambalahura nito. What, so hindi raw siya kagandahan? Patpatin pa? Puñeta.

“At least hindi ako amoy-lupa,” isasabat niya sana, subalit iyon ay pawang napornada sa pagdating ng mga paramediko at ni Mr. Mambobosong Lola’s Boy himself.

Ngayong more or less ay naka-recover na siya sa shock na makita ito sa bintana, hindi na mapangilagang aminin ni Ringo sa sarili na may punto ang abuela nito. Bakit nga naman kailangan pa nitong isugal ang buhay para silayan ang kanyang cup A’s, gayong sa hitsura nito ay isang pulutong na marahil ng nagseseksihang supermodels ang nag-alok na bigyan ito ng private show?

Matangkad ito, matipuno ang pangangatawan. Pa-ika-ika pa rin itong maglakad, ngunit hayag ang natural na tikas at tibay ng postura nito. Medyo

pa-emo ang tabas ng maitim nitong buhok, may feathered na bangs na bahagyang tinatakpan ang noo at magkabilang tainga ng binata. Mula sa malayo, kahawig nito ang Hollywood star na si Jensen Ackles. Sa malapitan, mapagtatanto mong mas pogi ito—but not by much. Slight lang. Tanned ang balat at may five o'clock shadow sa jawline nito. Bilugan ang mga mata, muy sabrosong honey-brown ang tinta. Matangos ang ilong.

Ilong na nahagip ng mga kuko ng pusa kanina lamang, kung pagbabatayan ang medyo sariwa pang claw marks sa bahaging iyon.

“*¿Estás bien, Crispin?*” dinig niyang pangumusta ni Señora Valmar dito.

“*Claro, mamita,*” dismissive na tugon naman ng Crispin na tinuring. “I kinda sprained my foot a bit, pero maghihilom din naman daw ka’gad.” Lumingon ito. Karaka ay iniangat ang kanan nitong kamay. “I’m sorry d’un sa kanina,” sabi nito looking straight into her eyes, “Miss...?”

Kinailangan pang tumikhim ni Manong Ed sa tabi niya para ma-realize ni Ringo na siya ang inaalok ng binata ng handshake.

“Ringo,” she belatedly supplied, sabay abot sa

kamay nito. “Ringo Almosal.” At dahil nakagawian na niyang asahan iyon sa bawat self-introduction pamula pa noong kinder, awtomatikong inihanda ng dalaga ang sarili sa follow-up questions na kaakibat na ng kakaibang pangalan na ipinambinyag sa kanya.

‘Ringo... Almosal? nai-imagine na niyang sasambitin nito, with matching looks of curiosity, confusion, and/or amusement in varying degrees. “yon talaga ang pangalan mo? Bakit—?”

Nevermind na ang apelyido niya ang nagbigay sa kanya ng palayaw na ‘Miss Breakfast’ (or Bb. Agahan) while growing up; mas mainam naman iyon kaysa butch na ‘Pareng Ringo’ na pang-asar sa kanya ng mga kapatid at katukayong lalaki.

Ngunit ang inaantabayanang follow-up ay hindi dumating. Bagkus ay nakipagkamay lang ito sa kanya, ginawaran siya ng makatunaw-tansong ngiti. His hand was warm and dry.

“Cris Valmar,” pakilala ng binata sa sarili, saka pabulong na idinagdag, “And don’t *ever* call me ‘Crispin’, utang-na-loob. Hindi naman ‘Ibarra’ ang last name ko.”

At that, Ringo could not help but smile. Either tactful and considerate talaga ang lalaking ito, o hindi

lang nito nakuha ang pangalan niya and didn't care to ask for it again. She would *love* to go with the first theory, pero hindi naman siya ganoon kailusyonada. Konsuwelo na lamang niya na mucho guapito ang Cris na ito. Tipong tingin pa lang, ulam na. With enough left over for dessert.

“Pleased to meet you,” malugod na aniya rito, samantalang sa inner recesses ng kanyang psyche ay mayroon siyang isang tanong na idinulog sa Maykapal:

Lord, ito na ba ‘yon? ‘yong... alam mo na. Cue conspirational wink here. *‘yong sa usapan natin...*

Kindat-kindat.

Ha, asa ka pa, ‘Neng, siyang mapanuyang kontra naman ng isa pang tinig sa kamalayan ng dalaga.

Si Cris, blissfully unaware sa internal monologue na kata-transpire lang, ay lumawig pa ang ngiti. “Pleased to meet you, too.”

She wasn't the most beautiful girl that he had ever seen, and Cris admittedly had seen plenty. May hitsura nga ito, sure, perhaps even pretty in a wholesome, sweet-sixteen way, pero hindi naman

mala-Helen-of-Troy na diyosa ng kagandahan. Morena ito, abot-pisngi na pahati sa kaliwa ang buhok, hindi katangkaran. Hindi rin kalakihan ang dibdib, balakang at iba pang mga bahagi ng katawan na normal na makakapukaw ng interes niya bilang lalaki. Ang tanging malaki lang dito—at medyo nakakakaba rin—ay ang mga mata nito, na almond-shaped at malilinaw. Lovely eyes—true, intelligent eyes. Ngunit sapat na ba ang taglay na ningning ng mga ito para magpabalik-balik sa kanyang gunita ang dalaga mula pa kahapon, like it or not?

Siyempre hindi.

“Let me just remind you that you owe me big time for this, Buddy.” Si Kenneth Ng ang nagsalita, effectively cutting into Cris’s ruminations. One year shy of the big Three-O, isa si Kenneth sa mga senior kabaro niyang *fotog* sa *Prime Advertising*. Kaboses na kaboses nito si DJ Mo Twister over the phone. “Magpasalamat ka na lang at understanding ang fiancée ko. We were all set to go to the beach today—”

“Oh, Sheila has my thanks, believe me,” sinserong pakli ng binata bago pa idetalye ng kaibigan ang mga naunsiyaming plano nito with said girlfriend. Minasahe niya ang sariling sentido. “As for ‘owing’ you, cut me some slack, Man. I’m officially on medical

leave, remember? Injured ako.”

Suminghot ang kinausap. “Injured my ass. Ikaw na mismo ang nagsabi na napilayan ka lang, hindi nabaldado. Nothing short of a miracle, considering you fell from the fifth floor—”

“Third floor.”

“All right, *third* floor of such and such building para saklolohan ang pet kitty-cat ng lola mo. Whatever, Dude. Kaya mo pa ring mag-take ng pictures, is what I’m trying to say. Hell, I’m betting na kung *FHM* photoshoot ang naka-assign sa ’yo today, kahit nagkandabali lahat ng mga buto mo, a-attend at a-attend ka d’un. So what’s the real score?”

“Matatalo ka sa pusta mo—more’s the pity.” Cris stifled a sigh. “The ‘real score’ is my grandmother’s spending the weekend at my place. Uninvited and unannounced, ha. Now she’s insisting I postpone or cancel all my commitments for the next few days para makipag-bonding sa kanya.”

“Ah.” Sa halip na nakikiramay ang tono, tila naaliw pa si Kenneth sa ibinalita niya. “Nothing like good old emotional blackmail, isn’t it?” sadistically cheerful na sambit nito. “Well, then, best of luck with *that*. Treat her to the sights of this wonderful,

horrible, air- and noise-polluted metropolis. Or mananatili lang ba kayo sa airconditioned mong condo at mag-to-tong-its?”

“A-attend ng mass sa *MoA*, ’tapos mag-po-promenade sa *Manila Ocean Park*.” At least, doon balak ipasyal ni Cris ang abuela. Bukod sa misa na absolutely mandatory tuwing Sunday where Lola Bining was concerned, wala pang ibang tinutukoy na lugar sa Metro Manila ang matanda na gusto nitong puntahan. “Good luck sa *Happy Toothpaste* account. Pa-hello na rin sa lahat na makaka-miss ang kagwapuhan ko. And for God’s sake, si Ivy ang art director, so take your vitamins, eat a bountiful breakfast, and avoid eye contact with the vixen at all costs.” Si Ivy Macasero ang pinaka-demanding at pinaka-hate maka-trabaho ni Kuya Ken—sa venerable trio ng senior art directors sa *Prime*.

“*Tch*, you owe me big time talaga, Pare,” madamdaming ulit ni Kenneth. Kulang na lang ay mapamura ito. “Big time.”

“There, there.”

Natapos ang call, leaving Cris wondering kung tama nga ang desisyon niya na kumuha ng leave sa gitna ng kanyang initial commitment sa *Happy Smiles* ad campaign ng *Happy Toothpaste*. Kenneth’s jaded

FHM allusion aside, totoong interesado siya na maging bahagi ng naturang proyekto, na layuning magbigay ng libreng dental check-up at oral healthcare supplies sa dalawampu't limang piling mga paaralan sa iba't ibang sulok ng Luzon, Visayas at Mindanao. Cris fully intended to return to the project; he would only be on leave for a week or so, tops, hanggang sa makakuha na siya ng 'fit to work' sa doktor o umuwi na pabalik ng Batangas ang kanyang lola. Magsa-stand-in muna si Kenneth para sa kanya for today's shoot. Unless magka-issue at mangailangan ng reshoot, two weeks later pa ang sunod na on-site ng project na gaganapin sa isang elementary school sa Caloocan. He hoped to be back in the *coup* by then. In the meantime...

“Crispin! *iYa vámonos!*” halatang naiinip na tawag ni Lola Bining mula sa living room ng kanyang apartment. “Kanina pa nakaparada si Manuel sa 'baba, hinihintay tayo. Baka mahuli tayo sa misa!”

Napabuntong-hininga siya. “Opo, 'La,” maamong balik niya roon.

In the meantime, tahimik na patuloy ng binata sa sarili, he was off to play doting companion slash tour guide to his dear old grandmother.

“...Teka lang po,” hindi na natiis isabat ni Cris sa narinig, “what do you mean, mauuna nang bumalik sa inyo si Kuya Manuel sa Batangas? Kelan pa po ninyo balak umuwi kung gan’un?” And then, dahil maging sa kanya ay masagwa ang dating ng nasabi, he hurriedly added, “H-hindi naman sa ayaw ko po kayong makasama nang matagal-tagal pa, ’La, pero—”

“*No soy estúpida, Hijo,*” paalala ni Lola Bining, na mamantakin mong amiga ni Queen Elizabeth II sa suot nitong lilac tweeds, pearl earrings at low-heeled beige shoes. “Naiintindihan ko naman na malaki ka na... na may sarili ka nan’ buhay... na abala ka sa iyon’ trabaho at mali na iwan mo lahat sa ere para laman’ asikasuhin ako. *No se preocupe.* Aalis din ako kaagad, huwag kan’ mag-alala. Hindi ako *tonta.*”

Nasa *Makansutra Asian Food Village* sila (*sin* Iñigo, na iniwan muna with provisions sa kanyang apartment), isang foodcourt-ish restaurant sa second floor ng *Manila Ocean Park*, fresh from an hour-long tour na ang pinaka-highlight para kay Cris ay mga isdang aakalain mong bato at multi-colored and bioluminescent na mga dikya. Kung nakaimpluwensya iyon sa in-order na putahe ng abuela—oyster omelet with rice at inihaw na tilapia, *natch*—ay hindi na niya sinubukan pang alamin. Besides, apparently ay

hindi pa tapos ang kanyang lola sa paglilitanya, kaya nanahimik na lang siya at patuloy na nilantakan ang sariling lunch na Singapore Hainanese chicken rice.

“*No, qué va*, at higit sa lahat,” anang Lola Bining, with matching wasiwas ng hawak nitong tinidor for emphasis, “hindi rin ako manhid. Hindi *katulad* nan’ iba diyan.” Sa tinamaang ekspresyon na sumapit sa mukha ng apo, muli nitong ikinumpas ang tinidor. “*No, mi chiquito*, hindi ikaw an’ tinutukoy ko.”

Sino naman, kung gan’un? Nalilitong tumingin si Cris kay Kuya Manuel. Umiling lamang ang driver, sabay nguya sa shrimp topping ng *Kwitiaow Phad Thai* na tanghalian nito.

Si Lola Bining na rin ang nagbigay ng sagot. “An’ Lolo Frederigo mo, sino pa ba?” singhal ng matanda. Pawang nanlilisik ang mga mata nitong ibinulong ang ilang choice epithets para sa kabiyak. “*Tonto... ¡El bastardo...! ¡El perro viejo senil...!*”

Cris had to blink in disbelief. “Nag-LQ—er, nag-away kayo ni ‘Lo?” maingat na paniniguro niya. ‘*Sa tanda n’yong ‘yan?*’ natukso pa siyang ihirit, ngunit na-override sa waring nag-aalab na aura ng kausap. Gusto pa niyang mabuhay nang masagana at matiwasay.

“Hmph!” payak na responde lamang doon ng abuela, nose held haughtily up in the air. “Look, ’wag na natin’ pag-usapan pa an’ damuhon’ lolo mo, Crispin. *Por favor*. Baka mawalan pa ako nan’ ganan’ kumain. *Que pena* kun’ sakali. *Ya que la pescado es muy delicioso*. Tama na na malaman mo na *por el momento* ay wala akon’ *intención* na bumalik sa poder nan’ luko-lukon’ ’yon. *Estoy en huelga, estoy en cruzada, estoy en guerra contra de él*.” Inilapag nito nang buong hinahon ang tinidor sa gilid ng sariling pinggan. “*En cualquier caso*, dito muna ako maglalagi sa Manila nan’ ilan’ araw. ‘Tapos balak ko na dumerecho sa Los Angeles—*en Estados Unidos, no en Pampanga*—para bisitahin doon an’ Ate Cassandra mo at an’ esposo niya. At yaman din laman’ na nasa Amerika na ako ay pupuntahan ko na rin sa kanyan’ unibersidad an’ bunso natin’ si Celeste.” Sumandaling ininom ni Lola Bining ang kanyang lemon barley tea bago ngumiti at waring biglang napaisip. “*Bueno...* gaano ba kalayo an’ New York sa California?”

3

“This is ridiculous.”

“You’re telling me,” taos-pusong pakiramay ni Cris sa nakatatandang kapatid. Tumangu-tango pa siya, gayong hindi naman kailangan, given na ang ateng kinausap—si Mrs. Ma. Cassandra Valmar-Matherson ng Palmetto Road, LA, California—ay nasa kabilang dulo ng malawak na Karagatang Pasipiko at hindi iyon makikita. Sa cellphone niya ito kasalukuyang kahuntahan at alangan namang i-3G pa ni Cris ang sarili para roon.

Pasado alas nueve na ng umaga, Lunes, Manila Time, habang sa ibayong bahaging iyon ng US of A ay Linggo pa lamang, datapwat papalubog o nakalubog na ang araw. Kaagad siyang tinawagan ni Ate Cass matapos makauwi mula sa dinaluhang annual gaming convention kasama si Kyo, ang Japanese-American ‘otaku-geekboy’ na hubby nito, at maulinigan ang iniwang mensahe ni Lola Bining sa kanilang home phone.

“Pigilan mo si ‘La, Cristito,” pakiusap nito. “Puwede siyang bumisita rito kahit kailan of course, pero ayoko namang dahil may samaan sila ng loob ni

Lolo Rigs.” A sigh. “I mean, come *on*. Utang-na-loob.”

“As if I could,” siyang balik ni Cris, sabay kamot sa *Mediplast* na itinapal sa kanyang ilong gamit ang isang hintuturo. “Ate naman. You know how Lola is. ‘Pag nakapagdesisyon na ‘yon sa isang bagay ay gagawin at gagawin niya ‘yon. Sina Dad at Aunt Theodora lang ang dalawang taong pinakikinggan niya, di ba? But it’s been fifteen years since he passed away, and as for Tiya Dora, well, kampi siya kay ‘La sa isyung ‘to.”

“Tita Dora? And how would you—”

“Tumawag ako sa bahay kahapon, okay?” inip na pakli niya. ‘Bahay’ of course, meaning ang lumang mansyon ng kanilang pamilya sa Natividad. “I was trying to reach Lolo Rigs, get his side on what the hell happened. Just my luck na si Tiya Dora ang nakasagot.”

Si Tiya Dora ay nakababatang kapatid ni Lola Bining. Well into her late sixties, aktibo ito bilang punong-tagapagtaguyod ng Senior Citizens’ Association sa kanilang hometown ng Natividad, Batangas, miyembro ng Gabriela, at militante nang peminista bago pa man nauso ang terminong iyon. Nine out of ten times, kung sa away-mag-asawa ay maaasahang sa babae ito pumapanig. Lalo pa kung

sina Lola Bining at Lolo Rigs ang mag-asawang pinag-uusapan; simula't sapul kasi ay mabigat na ang loob ni Tiya Dora sa kanyang abuelo. Noong una pa nga raw ay tutol ito na makasal ang Ate Bienvenida nito kay Don Julian Frederigo Valmar, na noong kabinataan ay kilalang chickboy at sabungero. At bagaman pamula nang ligawan nito ang kanyang future abuela ay ganap na tinalikuran ng binatilyong Lolo Rigs ang mga naturang bisyo, hindi pa rin noon lubusang nakumbinsi si Tiya Dora na karapat-dapat ito sa kamay ng ateng iniidolo.

“Siya pa nga ang nanulsol kay Lola na maglayas, magpahatid kay Kuya Manuel dito sa Maynila,” karagdagang balita pa ni Cris sa sariling ate. “Kesyo para raw maturuan ng leksyon si 'Lo.”

Buod lang iyon ng aktuwal na dialogo niya sa may-edad na tiyahin, of course. Marami pang sinabi at ibinalita sa kanya si Tiya Dora sa loob ng kalahating oras nilang pag-uusap, subalit kung ano iyon na kailangang matutunan ng abuelo—at kung ano ang karumal-dumal na nagawa ni Lolo Rigs na ikinagalit ng asawa't hipag na sapat nang basehan para maglagalag ang kabiyak, hindi ito sukat mapahinuhod na ibahagi sa kanya. Gayundin si Lola Bining mismo, na nanatiling mailap sa impormasyon. Pareho rin ang sentimyento ni Lolo Rigs, nang sa

wakas ay nagawang hagilapin ng binata ang abuelo sa telepono.

“Eh, kung ayaw ng lola mong umuwi, eh di huwag,” ang idinara sa kanya ng matanda sa makapal na puntong Batangueño nito.

“Great, then, just *great*,” sarkastikong obserba ni Cassandra. “So we’ve got no choice but to humor her, is that it? Seeing as lahat na ’ata ng old timers sa pamilya natin eh tinotoyo ang utak?” Bumuntong-hininga ang nasa kabilang linya. “And we barely even know what it *was* they’d been arguing about...” Natahimik ito, tila napaisip. “Cris,” manaka-naka ay bitiw nito, “You don’t think that she’s going... senile, do you?”

“Well... no,” tugon niya. Si Lola Bining, nagiging ulyanin na? He blinked at the absurdity. Hindi sa imposible iyong mangyari, pero ang abuela ang huling senior citizen na iisipin ni Cris na magkaka-Alzheimer’s Disease, septuagenarian or not. “If—and I do mean *if*—she is, then she’s got a weird way of showing it. As far as I’ve seen, matalas pa rin ang isipan niya. Heck, sa loob ng quince minutos ay nagawa niyang sagutin ang Sunday edition ng Sudoku sa diyaryo kagabi—”

“I get the point.” Ngayon ay si Cassandra naman

ang waring napatango sa sarili nitong telepono. “But please, please *try* and persuade Lola to go back to Batangas, futile exercise or not. Subukan mo lang. Get her to stay at your place longer, if necessary. Long enough para lumamig ang ulo niya.”

“And how do you suppose I do that?”

“Aba, malay ko,” anang kapatid. “Magkunwa kang depressed at feel na tumalon sa third floor landing ng apartment mo. O bigla mong i-announce na engaged ka na at planong magpakasal—sa isa ring lalaki. *Whatever*. Use your imagination. Creative genius ka naman, di ba?”

Cris rolled his eyes heavenward. “Ate nam—”

“Oops, I gotta go now! ’Bye, Cristito.”

Click. Isang mahabang ugong sa kabilang linya ang sunod na sumalubong sa tainga ng binata.

At sa ganoong pamamaraan pansamantalang namaalam si Ma. Cassandra V. Matherson, prima-maestra ng haphazard farewells via long-distance calls.

Ibinulsa ni Cris ang kanyang cellphone, wryly wondering kung nang-aalaska lang ang kapatid o talagang gusto nitong gawin niya ang mga ka-ek-

ekang iminungkahi nito para i-delay ang travel plans ng kanilang abuela.

Hindi iyon ang unang beses na iniwan siya nito upang magnilay. Half the time, he could never really figure out what his elder sister was thinking. Isa iyong katangiang namana nito—and to a lesser degree, ni Cris din—mula kay Lolo Rigs: ang pagiging patay-malisyang kalog. Taliwas iyon sa kaso ni Celeste, ang bunso at ‘baby’ sa kanilang tatlong magkakapatid na ganap na naulila sa magulang may labing-limang taon na ang nakakaraan. Twenty-two-year-old Cel was practically the female version of their paternal grandfather where looks were concerned, ngunit nakuha nito ang agresibo at prangkang pag-uugali ni Lola Bining. Kapag seryoso ito, seryoso ito. Kapag nagbibiro naman, tumawa ka at baka ma-bad-trip sa i’yo.

As it were, walang kaduda-duda na taranta at balisa ang abuela nang madatnan niya ito sa kusina/dining area ng kanyang apartment. May tangan itong mababaw na ceramic bowl. Binubuan iyon ng kaunting gatas kung saan nakalublob ang ilang mamula-mulang piraso ng kung ano.

Tocino, pagdaka’y nabatid ng binata, matapos pahapyaw na sulyapan ang natira sa kanilang agahan

sa bilog na mesa.

“May problema po ba?” tanong ni Cris sa matanda.

Heaving a sigh, inilapag ni Lola Bining ang mangkok sa may lababo. “Si Iñigo,” simpleng bitiw nito, sabay pinasadahan pa ng tingin ang apat na sulok ng silid on the off-chance na naroroon pala ang naturang pusa. “*Me temo que está desaparecido*. Kun’ saan-saan na ako naghanap dito sa apartamento mo—*todo en vano*. Hindi ko siya makita.”

“Wala ho siya sa kuwarto n’yo?” Hindi siya cat person, lalo na kung ang ingratang pusa na kumalmot sa pogi niyang pagmumukha ang pinag-uusapan, ngunit for propriety’s sake ay pinilit ni Cris na magmistulang may paki sa balita.

“Wala.” Umiling ang abuela. “*Extraño*. Sigurado naman ako na tulog pa siya sa kanyan’ basket bago ako pumunta nan’ kusina para magluto nan’ almusal. Isinara ko rin an’ pinto. Pagkakain natin nan’ bumalik ako, wala na siya.” Ang mga kulubot nito sa noo, usually not-so-noticeable sa maputi nitong mukha, ay nagsilaliman. “*¿Qué he de hacer, Crispin?* Baka nakalabas na nan’ bahay si Iñigo!”

Baka nga, yep. Muling sinapo ni Cris ang sariling

noo. 'Kow, at saang lupalop naman kaya ng Metro Manila napadpad ang pusang 'yon, even as we speak?

At animo tugon sa tanong na iyon ng binata, tiyempo namang nag-ring ang telepono sa salas.

“Ba’t napaaga ’ata ang ’baba natin dito, Nadine?” may pagkalitong tanong ni Ringo sa kaibigan. Wala pang alas diez, ayon na rin sa bilog na orasang nakapaskil sa dingding sa likod ng kahera, subalit bigla na lang itong nag-aya na bumaba sila sa coop-slash-canteen ng *Regalia* upang makapamilya na raw ng mamiminandal. Iyon matapos may kung anong naaninag ang resident artist ng *Bookworm Publishing* mula sa bukas na pasilyo ng naturang gusali.

“Wala lang,” mysteryosang pa-epek ni Nadine, sabay ngiti. Ang mga chinitang mata nito ay lalo pang naningkit. “*Bread Pan*, type mo?” Ikinaway nito sa kanyang harapan ang bright green na lalagyan ng kutkuting tostadong tinapay.

Inabot iyon ni Ringo at idineposito sa maliit nilang shopping basket kasama ang ilan pang mga chichiriang isinilid doon.

“Kuha pa tayo ng tatlo,” aniya, samantalang pilit na hinahalukay ang diwa para sa makapagpapaliwanag

sa kakatwang ikinikilos ng kaopisina. Coming up with none, nagpasya siyang manguhit na lang muli dito. “Pero hindi nga, ’Neng,” panubok niya, “ano ba talaga ang ulterior motives mo at nandito tayo?”

Tanong na hindi na niya nagawang tapusin, sapagkat kagyat siyang sinansala ni Nadine.

“Ssh, wait ka lang,” impit na saway nito, voice dropping to a stage whisper. Nag-ala-referee na ipinormang letrang ‘T’ pa ang artistahin nitong mga kamay sa standard ‘Time Out!’ gesture ng anumang ball game. “Malay mo, may makita tayong... interesante... sa paligid.”

Lubos na nahiwagaan sa pinagsasabi nito, luminga-linga si Ringo. Alangan namang ang kahera ang tinutukoy ng kaibigan, gayong palagi itong naroroon. At maliban sa kanila ni Nadine, walang ibang customer ang kooperatiba at the moment kundi ang matanda ngunit may katangkaran pa ring lalaki sa kabilang aisle, malapit sa refrigerated display ng softdrinks at C2 green tea. Naroroon na ang matanda buhat pa nang pumasok sila sa co-op ngunit hanggang ngayon ay tila wala pa ring mapiling inumin. Naka-long-sleeved checkered brown polo shirt ito, leather shoes at dark brown slacks na plantsado. May kipkip pang sombrero na checkered brown din. Tipong

sobrang pormal ng ayos para lamang mag-window-shopping sa abang pamilihan nila rito.

In any case, hindi rito nakatuon ang pansin ni Nadine. Bagkus ay nakatanaw ang dalaga sa labas, todo alisto na tila ba may inaabangang kung ano.

Wala naman siyang ibang makita roon kundi ang pamilyar na de-barandang pintuan ng Unit 101, ang apartamento ni Mang Gener, dalawang nakaparadang SUV at ang pusang si Bachuchay, na kasalukuyang natutulog pansamantalang lilim ng isa sa mga ito.

“Kung lucky ang Lunes na ’to,” anas pa ni Nadine, “baka maabutan natin... ’Ayan. Perfect!” Sabik na pinaghihila pa nito ang kaliwang manggas ng blusa niya. “Tumingin ka sa labas, dali!”

“Tumitingin na, tumitingin na,” mahinang asenta ni Ringo rito. Binalingan niya muli ang tanawing sinusubaybayan ng kaibigan. Wala namang ibang pagkakaiba bukod sa pagbukas ng pinto ng 101.

OA, ha. Sinulyapan niya si Nadine. Mukha namang thrilled talaga ang cover artist—for whatever reason—pero malay ba natin kung pinili nito ang umagang iyon para mang-good time? *I mean, ano ba naman ang nakaka-excite sa bumubukas na pin—*

And then nasilayan ni Ringo kung ano iyon na

inaantabayanan ng kaibigan. Kung *sino*.

“Kainaman ka naman, Nadine,” kutos ng dalaga sa katabi, samantalang tuluyang lumantad sa kanilang paningin ang full-body profile ng poging Jensen Ackles look-alike ng nakaraang Sabado. Nauna itong lumabas sa apartment kasunod si Mang Gener, na siya namang sinundan ng Kastilang abuela nito—na yakap ulit ang kulay-abong pusa na last weekend ay ipinasagip nito sa apo. As Ringo watched, nilingon ng binata si Mang Gener at kinausap ang matanda. Pumirmi ang mga ito sa mismong harap ng co-op na kinaroroonan nila.

“Oo, kainaman talaga,” walang pagsidlang ng tuwang tugon ni Nadine sa kanya. “As in *kainaminam*, kaibig-ibig, ka-*teh-kem-teh-kem*.” Pasadyang ini-mispronounce ng ilustradora ang huling salita, *à la* ’yong Amerikanong patatas sa isang popular na commercial para sa potato chips. “Natanaw ko siya kanina, n’ung tinulungan ko sina Tito Erns at Aileen na i-load ’yong samples natin sa van,” siyang kuwento pa nito.

Si Aileen, isa sa bumubuo ng kanilang Sales & Marketing Department sa *Bookworm Publishing*, ay umalis kaninang alas ocho y media upang mag-deliver at mag-pitch sa isang privately owned bookstore sa

Binondo. ‘Tito Erns’ naman ang panawag ni Nadine kay Mang Ernie, ang company driver nila.

“Sinalubong sila ni Mang Gener,” Nadine went on. “Suwerte lang natin at may pagkalagalag ‘yong pet nilang pusa, kasi napadayo na naman pala sa building natin. Nililigawan si Bachuchay, I guess.”

And with that, tumango ang kaibigan, apparently deciding something. Bago pa man makapag-react si Ringo ay may nahagilap na itong cellphone mula sa jeans nito, itinapat ang camera niyon sa direksyon ng lalaki at nagsimulang pagkukuhanan iyon ng litrato.

“Ano ‘yan?” asik niya.

Nakailang pindot na ito saka siya sinagot. “Reference photos,” ani Nadine. Awa ng Panginoon, at least ay naalala nitong i-disable ang flash ng aparato. “Para ‘to sa cover n’ung kuwento ng baliw na taga-Batangas City. Medyo iibahin ko lang ang features nang kaunti, ‘tapos... voila.” Pinindot muli nito ang cellphone. “Sayang nga n’ung Sabado, hindi ako nakakuha. No thanks to *you*, Ringo!”

Napakurap siya. “Me?”

“Dapat kasi, ang isinigaw mo n’un eh, ‘May napatay ‘ata akong *poging* manyak!” sambit nito. “Ayun tuloy, di ako nakapagdala ng recording device

nang bumaba kami ni 'Te Marilen, eh, saksakan naman pala ng guwapo ang pobre."

"Eh, kung batukan kaya kita d'yan, ano?"

"Echos!" siyang napahagikgik na pamalik nito sa kanya.

Kaysa gawin ang ibinanta, tinawid na lamang ni Ringo ang aisle upang magbayad sa kahera, na either hindi aware sa pinaggagawa ng officemate niya o wala lang talagang kebs hinggil doon.

Or ang balak pala ay mang-arbor ng litrato, tulad ng nasapantaha ng dalaga nang sumapit siya sa counter. Nakangiting na sinalingan siya ng late-thirties na babae na nagmamando nito. "Sabihin mo sa friend mo na i-forward sa 'kin ang mga pics, ha, 'Neng?" ani Manang Kahera, saka nilingon ang cash register. "Eighty-seven fifty."

"Okay," maingat na lang niyang tugon, sabay abot ng isandaan.

Fine. Personally ay hindi niya ma-gets kung bakit ganoon na lang ang effect ni Mambobosong Lola's Boy—ay, 'Cris' nga pala—sa mga babaeng ito. Susme, pati ang matandang nasa softdrink display ay nakadungaw na rin sa labas.

Para namang ngayon lang nakakita ng magandang lalaki ang mga 'to, nakoh, di-maiwasang idara ng diwa ni Ringo. Kulang na lang eh lumabas at hingan 'yong guy ng autograph. And so what kung kamukha nito si Papa Jensen Ackles? Malamang ay lola's boy naman ito, given na ito na ang ikalawang pagkakataon na napadayo ang binata sa kanilang building na kasama ang abuela.

Nasuklian na siya ng kahera nang biglang lumangitngit pabukas ang pinto sa entrada ng co-op, kasabay ng pagkalansing ng wind chimes na nakasabit doon.

Nagsitindigan ang maliliit na balahibo ni Ringo sa batok.

“—*En todo caso, gracias por tu ayuda, Señor,*” malugod na sambit ng isang boses na walang kadudadudang ang mahaderang lola ni Cris ang may-ari. “Salamat talaga. Hindi ko alam kun' ano an' gagawin ko kun' sakalin' mawala ko si Iñigo sa Maynila. Buti na lan' at dito rin pala siya muli napunta.”

“Walang anuman, Señora Valmar,” anang tinig ni Mang Gener. “Basta pakaingatan n'yo na lamang siya sa susunod, ha ne? Lalo na ngayong, ah...” Tumikhim muna ito saka nagpatuloy, “... eh... matanong ko lang, pero 'yang si Iñigo n'yo, hindi pa ba siya, ah...”

Hindi man nagawang sambitin ng kausap iyon, tila naintindihan naman ni Señora Valmar ang nais ipahiwatig nito. “No, hindi pa siya *castrado*,” prangkang tugon ng matandang Española. “At wala rin akon’ balak na gawin ’yon. Biniyayaan si Iñigo nan’ *Dios* nan’ isan’ pares nan’ *cojones*. An’ *Dios* din lan’ an’ may karapatan na bawiin iyon, *a mi parecerse*. Ba’t n’yo naitanon’?”

“Ang alaga ko kasing pusa, si Bachuchay—” panimula ni Mang Gener, subalit kagyat naputol nang mapadapo ang tingin sa kanila na naroroon na sa co-op. “O, Ma’am Ringo! Miss Nadine!”

“Good morning po.” Sumaludo si Nadine. Parehong libre ang kamay ng dilag, kaagad naibulsa ang cellphone na kani-kanina lamang ay puspusing ginagamit nito.

“M-magandang umaga,” siyang belated namang bati ni Ringo. Pasimple na lang niyang ibinaba ang plastic bag ng pinamiling chichiria na sinubukan niyang ipantakip, bagaman bigo, sa sariling mukha. Pilit din niyang inilihis ang kanyang titig sa wangis ng male na male—and yes, ‘*ka-teh-kem-teh-kem*’—na binatang nakatayo sa likod lang ng katiwala.

“Ah, *la señorita del Sábado pasado*,” napatangong turan ni Señora Valmar. “Fancy meetin’ you here...”

again.” Pasaring ang tono ng ginang, na para bang nakasisiguro ito na hindi lang nagkataon ang muli nilang pagkakatagpo. “*Qué extraño... hindi ba, Crispin?*”

Kagyat na nabigyan ng ideya si Ringo kung ano ang pakiramdam ng ni-re-reheat na kape sa coffeemaker nila sa opisina. Napalunok siya, napagpasyahang walang makabuluhang idudulot ang pag-iwas sa hindi naman maiiwasan, at ibinaling ang kanyang tingin sa apo ng Española na ‘Cris’ ang ngalan.

Nagtagpo ba ang kanilang paningin? Nalunod ba si Ringo sa mala-pulot-pukyutang kalaliman ng mga mata nito? Ang isang iglap nga ba ay nagmistulang walang hanggan, isang mahiwagang sandali kung saan waring silang dalawa lamang ng binata ang tanging natitirang nilalang sa buong ‘sandaigdig? Kumabog ba nang todo ang kanyang dibdib, lalo na nang ibuka nito ang bibig at iniusal ang mga katagang, “*You’re the one*”?

Kung ang pangalan niya ay ‘Goldilocks’ at hindi Ringo, oo.

At kung sa kanya nga napako ang tingin ng binata, siguro.

Pero hindi, eh.

Sa halip, animo props lang siyang nilagpasan ng makatunaw-tansong tingin ni Cris. Pumirmi ito pakaliwa, sa pinakadulo ng aisle. At ang namutawi sa ubod ng senswal na mga labi nito ay hindi ang mga kataga sa pantasya ng dalaga—may kinalaman man sa bakeshop or not. Lalong hindi iyon ang kanyang pangalan.

“... 'Lo?”